49 South Van Ness Avenue, Suite 1400
San Francisco, CA 94103
628.652.7600
www.sfplanning.org

# PAMPUBLIKONG ABISO: Puwede nang Makuha ang Abiso ukol sa Paghahanda ng Ulat Tungkol sa Epekto sa Kapaligiran (Environmental Impact Report)

| | |
|---|---|
| *Petsa:* | Agosto 19, 2020 |
| *Huling Araw para sa Pagbibigay ng Komento:* | Setyembre 18, 2020 |
| *Numero ng Kaso:* | 2019-021884ENV |
| Titulo ng Proyekto: | Proyekto para sa Modernisasyon ng Portrero Yard (Portrero Yard Modernization Project) ng SFMTA |
| *Pagsosona:* | Distrito na para sa Pampublikong Paggamit (Public Use, P)<br>65-X Height and Bulk District (~~may~~ may mga limitasyon sa Taas at Laki ng mga Gusali) |
| *Bloke/Lote:* | 3971/001 |
| *Laki ng Lote* | 4.4 acre |
| Komunidad: | Mission |
| Mga Kalyeng Tinatawid o Cross Streets: | Nasa hangganan ng kabuuang bloke ang 17th Street (hilaga); Hampshire Street (silangan); Mariposa Street (timog); Bryant Street (kanluran) |
| Sponsor ng Proyekto | Licinia Iberri, SFMTA, licinia.iberri@sfmta.com<br>o (415) 646-2715 |
| Kontak na Kawani: | Laura Lynch, Planning, CPC.PotreroYardEIR@sfgov.org<br>o (628) 652-7554 |

**LAYUNIN NG ABISO**

Nakagawa na ang Departamento sa Pagpaplano (Planning Department) ng San Francisco ng abiso ukol sa paghahanda ng Ulat Tungkol sa Epekto sa Kapaligiran (Environmental Impact Report) na tungkol sa Proyekto para sa Modernisasyon ng Portrero Yard ng Ahensiya ng San Francisco para sa Munisipal na Transportasyon (San Francisco Municipal Transportation Agency, SFMTA). Kailangang maihanda ang EIR para sa mungkahing proyekto bago pa ang paggawa ng anumang pinal na desisyon kung aaprubahan-ang proyekto. Layunin ng EIR na magbigay ng impormasyon tungkol sa anumang posible na malalaking epekto ng mungkahing

proyekto sa pisikal na kapaligiran, tumukoy ng posibleng mga paraan upang mabawasan ang malalaking epekto, at maglarawan at magsuri ng posibleng mga alternatibo sa mungkahing proyekto.

Ang abiso ukol sa paghahanda o EIR ay hindi nagsasaad ng desisyon ng Lungsod hinggil sa pag-apruba o hindi pag-apruba ng proyekto. Kinakailangang repasuhin at isaalang-alang ng Lungsod ang impormasyong nilalaman ng EIR bago gumawa ng desisyon.

Puwede kayong lumahok sa unang pampublikong proseso ukol sa epekto ng proyekto sa kapaligiran sa pamamagitan ng:

- pagkontak kay Laura Lynch gamit ang email (CPC.PotreroYardEIR@sfgov.org), telepono (628) 652-7554, o koreo sa 49 South Van Ness Avenuet, Suite 1400, San Francisco, CA 94103; O
- pagdalo sa pampublikong miting para sa paghingi ng opinyon sa pamamagitan ng bidyo o teleconference na isasagawa sa Miyerkoles, Setyembre 2, 2020 nang 6:00 p.m. Magsasagawa ang Departamento ng miting ukol sa paggamit ng online platform. Puwede kayong sumali sa miting gamit ang link sa online platform, na matatagpuan sa webpage ng Departmento, na sfplanning.org/sfceqadocs; o sa pamamagitan ng telepono, gamit ang sumusunod na numero ng tekephono at number ng pagkilala sa pulong: (888)-475-4499 (Libre and Toll) at Pagpupulong ng ID: 925 7763. May makukuhang serbisyo sa wikang Espanyol para sa miting. Para makahingi ng tulong sa iba pang wika, pakikontak ang CPC.PotreroYardEIR@sfgov.org o ang (628) 652-7536 nang hindi bababa sa 72 oras bago ng miting, at nang matiyak na may makukuhang serbisyo.

Makukuha rito ang abiso ukol sa paghahanda, ang link sa online platform, at ang presentasyon ng mga kawani para sa pagkuha ng opinyon: sfplanning.org/sfceqadocs. Puwede rin kayong humiling ng CD o papel na kopya sa pamamagitan ng pagkontak kay Laura Lynch. Pakitingnan din ang mga seksiyon na Deskripsiyon ng Proyekto (Project Descrption) at ang mga seksiyon ukol sa mga Komento ng Publiko (Public Comment) na nasa ibaba, para sa iba pang impormasyon.

**DESKRIPSIYON NG PROYEKTO:**

Iminumungkahi ng sponsor o tagapagtaguyod ng proyekto, ang SFMTA, na palitan ang ang umiiral na pasilidad para sa transportasyon ng Potrero Yard ng bagong pasilidad. Magkakaroon ang bagong pasilidad ng pagpapanatili sa mga bus sa maayos na kondisyon, paggamit para sa pag-iimbak, operasyon, at administrasyon; residensiyal na paggamit; at aktibong paggamit sa unang palapag. May makukuhang mga karagdagang detalye sa table o talahanayan na nasa ibaba at sa webpage ng departamento na nasa sfplanning.org/sfceqadocs. May makikita rin kayong karagdagang detalye mula sa sponsor ng proyekto rito: SFMTA.com/PotreroYard.

| | Naririyan na | Iminungkahi |
|---|---|---|
| Pangkalahatan | | |
| Bilang ng (mga) Gusali | 1 | 1 |
| Mga Palapag ng Gusali | 1 hanggang 2 | 3 hanggang 13 |
| Taas ng Gusali (feet-inches o talampakan-pulgada) | 10.5 – 44 feet | 75 – 150 feet |
| Paggamit sa Lupa | | |
| Pasilidad para sa Bus | 221,450 | 723,000 |
| Residensiyal (gsf)† | 0 | 544,000 |
| Mga Tirahan o Dwelling units (kabuuang bilang/ pagpapangkat-pangkat batay sa uri | 0 | 575 (141 studio, 206 na isa ang kuwarto, 228 na dalawa hanggang tatlo ang kuwarto) |
| Tindahan/Komersiyal (gsf) | 0 | 33,000 |
| Mga espasyong Paradahan ng Sasakyan | **214** | **310** |
| Mga Trolley Bus (40 foot / 60 foot) | 158 (65 / 93) | 213 (63 / 150) |
| Non-Revenue Vehicles o mga sasakyang hindi nagsasakay ng nagbabayad na pasahero (malalaki/karaniwan) | 56 | 97 (8 / 89) |
| Mga Kawani ng SFMTA | 0 | 0 |
| Residensiyal | 0 | 0 |
| †Gross square feet (suma ng lahat ng lugar sa lahat ng palapag ng gusali) = gsf | | |

**PAMPUBLIKONG KOMENTO**

Malugod na tatanggapin ng Departamento ang inyong mga komento ukol sa posibleng maging epekto sa kapaligiran ng proyektong ito. Kailangang nakatuon ang inyong komento sa malalaking problema sa kapaligiran na kaugnay ng proyektong ito, impormasyon na makatutulong sa pagsusuri sa kapaligiran, o mga salik na dapat isaalang-alang sa pagsusuri sa kapaligiran.

Kung nagtatrabaho kayo para sa ahensiya na Responsible Agency (ahensiya na nagmumungkahi ng pagpapatupad ng proyekto) o Trustee Agency ( ahensiya na may hurisdiksiyon sa kapaligirang maaapektuhan ng proyekto), kailangan malaman namin ang pananaw ng inyong ahensiya ukol sa saklaw at nilalaman ng impormasyon ukol sa kapaligiran, na may kabuluhan sa nakabatay sa batas na mga responsibilidad ng inyong ahensiya kaugnay ng mungkahing proyekto. May posibilidad na kailangang gamitin ng inyong ahensiya ang EIR kapag nagsasaalang-alang ng permit o ng iba pang pag-apruba sa proyektong ito. Kailangan din namin ang pangalan ng tao na dapat kontakin para sa inyong ahensiya.

Kung mayroon kayong tanong o komento tungkol sa abisong ito, **pakikontak si Laura Lynch, sa CPC.PotreroYardEIR@sfgov.org, (628) 652-7554 bago sumapit ang Setyembre 18, 2020, o sa petsang ito.**

Hindi itinatakda sa mga miyembro ng publiko na magbigay ng personal na impormasyong makatutukoy sa kanilang identidad kapag nakipagkomunikasyon sila sa departamento. Gayon pa man, posibleng pahintulutan ng departamento ang pagkuha sa lahat ng nakasulat o pasalitang komunikasyon, kasama na ang isinumiteng personal na impormasyon sa pagkontak, kapag may kahilingan mula sa publiko para sa pag-iinspeksiyon at pagkopya. Posible ring ipaskil ang mga komunikasyong ito sa website ng departamento o sa iba pang pampublikong dokumento.

Hinihikayat ang sinumang tatanggap ng abisong ito na ipasa ang impormasyong ito sa iba pang posibleng may interes sa proyekto.